

# Pagbabakuna para sa mga wala pang 5 taong gulang

*ਸਤੰਬਰ 2022*

Available na ngayon ang ilang bakuna laban sa COVID-19 sa Canada para sa mga batang 6 na buwan hanggang 5 taong gulang. Katulad ang mga ito ng mga bakuna para sa mas matandang bata, kabataan, at adult. Ang pinakamahalagang pagkakaiba ay hindi ang bakuna kundi ang dosis.

1. Ligtas ang mga bakuna: maingat na nasubok ang mga ito at naaprubahan ng Health Canada, at ng mga awtoridad ng pampublikong kalusugan sa buong mundo.

2. Ilang dekada nang nagpapabakuna ang mga bata bilang rutina laban sa malulubhang sakit gaya ng tigdas, biki, at rubella.

Pinoprotektahan ng bakuna ang iyong anak laban sa pagkakaroon ng malubhang sakit na COVID-19 at nakakatulong sa depensa ng katawan ng iyong anak para mas mabisa nitong malabanan ang virus.

*Financial contribution from*
*Avec le financement de*

Public Health Agency of Canada | Agence de la santé publique du Canada

Metropolis
Social Determinants of Health

Na-verify ng MedComm - isang Outreach Club ng McGill Medical Students' Society.

**Want to learn more?**

You can find out more about COVID-19 here: https://bit.ly/CanCovid-19

Hindi intensyon ng content na ito na maging pamalit para sa propesyonal na payo o pangangalaga. Makipag-usap sa iyong nurse, doktor, pharmacist o kagawaran ng pampublikong kalusugan para sa higit pang impormasyon.